

KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN No. C19-07F
Apendiks B-1

**Maliit na Proyekto ng Konstruksyon na
Protokol ng Kaligtasaan**

1. Anumang proyekto ng konstruksyon na nakakamit ang mga sumusunod na espesipikasyon ay mapapailalim sa Maliit na Konstruksyon na Protokol ng Kaligtasan o Small Construction Safety Protocol (SCP Protocol), kasama ang mga proyekto ng public works maliban kung hindi itakda ng Opisyal ng Kalusugan o Health Officer:
 - a. Para sa mga proyektong pang residensya, ang nag-iisang pamilya o single-family, maraming pamilya o multi-family, sinyor, estudyante or iba pang konstruksyong residensyal, renobasyon, o proyekto ng pagremodel na binubuo ng hanggang 10 mga unit. Itong SCP Protokol ay di angkop sa mga konstruksyong proyekto kung saan may taong nagsasagawa ng konstruksyon sa kaniyang kasalukuyang residensya kahit mag-isa or may mga kasama sa tirahan.
 - b. Para sa mga proyektong komersyal, anumang konstruksyon, renobasyon or mga proyekto ng pagpapabuti para sa mga nangungupahan na aabot hanggang 20,000 talampakang parisukat ang lugar ng sahig.
 - c. Para sa mga proyektong halo-halong paggamit o mixed-use, anumang proyekto na makatutugon sa mga espesipikasyon ng mga ilalim ng 1.a at 1.b.
 - d. Lahat ng iba pang mga proyekto ng konstruksyon na hindi mapapailalim sa Malaki na Proyekto ng Konstruksyon na Protokol ng Kaligtasan na nakatakda sa Apendiks B-2
2. Ang mga sumusunod na restriksyon at mga kinakailangan ay dapat mailagay sa lahat ng mga lugar ng konstruksyon o consruction site sa ilalim ng SCP Protokol:
 - a. Pagsunod sa lahat ng angkop na kasalukuyang batas at mga regulasyon kasama pero hindi limitado sa OSHA at Cal-OSHA. Kung may pagkakasalungatan, pagbabago, pagkakaiba sa bawat mga angkop na batas at regulasyon at/o sa SCP Protokol na ito, mas estriktong pamantayan ang ipapasagawa.
 - b. Magtalaga ng superbisor o ng mga superbisor sa sityo ng COVID-19 para ipatupad ang patnubay na ito. Ang tinalagang superbisor ng COVID-19 ay dapat palaging nasa lugar ng konstruksyon habang may mga gawain ng konstruksyon. Ang bisor ng COVID-19 ay maaring isang trabahador sa sityo na itinalagang magsilbi sa tungkulin na ito.
 - c. Kailangang repasuhin ng COVID-19 superbisor o mga superbisors ang SCP Protokol na ito kasama lahat ng mga trabahador at bisita sa sityo ng lugar ng konstruksyon.
 - d. Itatag ang arawang protokol ng pagsusuri sa mga nagdadatingang mga empleyado para makasiguro na ang mga posibleng impektado ay hindi makapasok sa lugar ng konstruksyon. Kung ang mga trabahador ay aalis sa lugar ng trabaho at babalik sa mismong araw na yon, magtatag ng protokol ng paglilinis at pag-decontaminate bago pumasok at lumabas ng lugar

KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN No. C19-07F

Apendiks B-1

ng trabaho o jobsite. Ipaskil lahat ng protokol ng arawang pagsusuri sa pasukan at labasan ng lugar ng trabaho. Marami pang impormasyon sa pagsusuri na mahahanap online: <http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/index.html>.

- e. Isagawa ang social distancing sa pagpapatili ng di kukulang sa 6 na talampakang layo sa pagitan ng mga kapwa trabahador sa lahat ng oras, maliban na lang kung talagang kinakailangan na magsagawa ng gawain na may kinalaman sa proyekto ng konstruksyon.
- f. Sa pagkakataon na may komfirmadong kaso ng COVID-19 sa lugar ng trabaho, dapat mangyari ang mga sumusunod:
 - i. Agad na alisin ang impektadong indibidwal sa lugar ng trabaho na may utos na magpagamot.
 - ii. I-decontaminate at i-sanitize lahat ng ibabaw at bawat lokasyon na pinuntahan ng trabahador na impektado. Bigyan ang mga nagsasagawa ng decontamination at sanitation ng mga PPE na medical grade, siguraduhin ang mga trabahador ay na-train sa wastong paggamit ng PPE, itagubilin na ang mga trabahador ay gamitin ang binigay na PPE, at ipagbawal ang hiraan ng PPE. Ipagbawal ang kahit sino man na pumasok sa kontaminadong lugar, maliban na lang sa mga nagsasagawa ng decontamination at sanitation.
 - iii. Kapag napag-alaman na isa sa mga empleyado ay na-hawa, kailangan ipaalam agad ng Subcontractor sa General Contractor kung mayroon man, at ibigay lahat ng impormasyon na nakatala sa ibaba. Ipaalam agad ng General Contractor o ng superbisor sa County Public Health Department Communicable Disease Control (CD Control) sa 415-554-2830 kaagad ang sino mang trabahador na may komfirmadong kaso ng COVID-19, at ibigay lahat ng impormasyon na nakatala sa ibaba. Sundin lahat ng mga utos at kompletuhin ang mga karagdagang tagubilin ng o County Health Officials, kasama na ang buong pagsunod sa ano mang mga pagsagawa ng tracing ng County.
 - Impormasyon na irereport sa CD Control tungkol sa lugar ng trabaho:
 - 1) Saan ang lugar ng trabaho;
 - 2) Pangalan ng proyekto, kung mayroon;
 - 3) Pangalan ng General Contractor at;
 - 4) Sino ang kontak sa General Contractor, tungkulin, telepono at email.
 - Impormasyon na irereport sa CD Control tungkol sa mga kaso ng COVID-19:
 - 5) Pangalan at apelyido
 - 6) Petsa ng kapanganakan;
 - 7) Telepono;
 - 8) Petsa kung kailan nag-test ng positibo;
 - 9) Petsa ng huling araw ng pagtrabaho
 - 10) Saan lungsod nakatira; at
 - 11) Kung ang empleyado ay subcontractor, ibigay ang mga sumusunod na impormasyon:
 - Subcontractor;

KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN No. C19-07F

Apendiks B-1

- Pangalan ng kontak ng Subcontractor;
 - Telepono ng Subcontractor; at
 - Email ng Subcontractor
- Impormasyon ay irereport sa CD Control tungkol sa mga Close Contacts (mga nalapitan). Para sa bawat kaso na na-report sa itaas, ibigay ang mga sumusunod na impormasyon (kung kayo ay magrereport ng mahigit sa isang positibong kaso, isama ang pangalan nga positibong kaso para sa bawat close contact):
 - 1) Pangalan at apelyido ng close contact;
 - 2) Telepono;
 - 3) Saan City nakatira; at
 - 4) Pangalan ng positibong kaso.

A “Close Contact” (nilapitan) sa lugar ng trabaho ay sino mang:

- Nanatili sa loob ng 6 talampakan sa isang Taong may COVID-19 sa loob ng 10 minuto o mahigit habang hindi nakasuot ng panakip mukha; O
- May nilapitan na taong may likido sa katawan o body fluids at o mga secretions ng Taong may COVID-19 (hal. na-ubuhan, hinatsingan, nakigamit ng kubyertos, o inalagaan o nag-alaga ng walang panakip mukha, gown at gwantes).

Mga malapit na mga kontak ay mataas ang panganib sa paglantad at kailangang mag-quarantine ng 14 na araw dahil sa 14 na araw na incubation ng virus. Kahit na ang nilapitan ay mag-test ng negatibo sa loob ng 14 na araw ng huli nilang paglapit sa may kaso, kailangan nilang magpatuloy sa pagka-quarantine ng buong 14 na araw para mapigilan ang pagpasa ng virus.

- g. Kung ang trabaho ng konstruksyon ay nasa loob ng isang okupadong residensyal unit, mga nakahiwalay na lugar ng trabaho ay dapat nakabukod sa natitirang bahagi ng unit na may mga harang tulad ng plastik na sapin o saradong mga pintuan na tinakpan ng tape sa hanggat magagawa. Kung posible, ang mga trabahador ay dapat makadaan sa trabahuhan gamit ang isang alternatibong pasukan/labasan na pintuan na gamit ng mga residente. Ang mga bintana at exhaust fans ay dapat gamitin para mahanginan ang trabahuhan. Kung ang mga residente ay makakadaan sa lugar ng trabahuhan sa mga araw ng trabaho, ang trabahuhan ay dapat linisin at i-sanitize sa simula at pagkatapos ng araw ng trabaho. Kailangang gawin lahat para mabawasan ang kontak sa pagitan ng mga trabahador at mga residente, kasama na ang pagpanatili ng anim na talampakan ng social distancing sa lahat ng oras.
- h. Kung ang trabaho ng konstruksyon ay nasa mga panlahatang lugar ng mga okupadong gusaling residensyal o komersyal o mixed-use na ginagamit ng mga empleyado o residente, ang mga nakahiwalay na lugar ng trabaho ay dapat nakabukod sa natitirang bahagi ng unit na may mga harang tulad ng plastik na sapin o saradong mga pintuan na tinakpan ng tape sa hanggat magagawa. Kung posible, ang mga trabahador ay dapat makadaan sa trabahuhan gamit ang isang alternatibong pasukan/labasan na pintuan na gamit ng mga residente at iba

KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN No. C19-07F

Apendiks B-1

pang gumagamit ng gusali. Kailangang gawin lahat para mabawasan ang kontak sa pagitan ng mga trabahador at mga residente ng gusali at mga gumagamit, kasama na ang pagpanatili ng anim na talampakan ng social distancing sa lahat ng oras.

- i. Ipagbawal ang anumang pagtitipon, kasama ang mga pagtitipon para sa mga pahinga o pagkain, pwera na lang para sa mga pagkikita o meeting tungkol sa pagsunod sa protokol o kung talagang kinakailangan na magsagawa ng gawain na may kinalaman sa proyekto ng konstruksyon.
- j. Inaatasan ng Cal-OSHA ang mga employer na magbigay ng tubig, na nakalagay sa mga pang single-serve na lalagyan. Ang pag bahagi ng anumang pagkain or inumin ay mahigpit na pinagbabawal at kung paghahati ay naganap, ang trabahador ay kailangang pauwiin.
- k. Pagbigay ng personal na kagamitan para sa proteksiyon o personal protective equipment (PPE) na parang pang konstruksyon, katulad ng mga goggles, mga pang sangga sa mukha at mga panakip mukha para sa mga angkop na gawain. Sa anumang oras ay maaaring ligtas o pwedeng gamitin ng isang kontratista ang medikal na grado ng PPE maliban kung kinakailangan dahil sa likas na katangian ng medikal sa isang lugar ng trabaho. Ang panakip mukha ay dapat na suot na sumusunod sa Health Officer's Order No. C19-12B, inilabas noong April 17, 2020 at binago noong May 28, 2020, o anumang pagkatapos na inisyu o inayos na kautusan.
- l. Ibawal ang paggamit ng mga microwave, mga water cooler at iba pang katulad na kagamitan na ibinahagi.
- m. Mahigpit na kontrol ang “choke points” o mga puntos na mabulunan at mga “high-risk areas” o mapanganib na lugar kung saan ang mga trabahador ay hindi kayang mapanatili ang 6 na talampakan na social distancing at ipagbawal o limitahin ang paggamit para makasiguro na ang 6 na talampakan na distansya ay mapanatili sa pagitan ng bawat indibidwal.
- n. Bawasan ang pakikipaghalubilo at panatiliin ang social distancing sa mga bisita sa lugar, kasama na ang mga trabahador na nagdedeliver, propesyonal na disenyo at iba pang mga consultant ng proyekto, mga representatibo ng ahensiya ng gobyerno, kasama na ang mga inspektor ng gusali at sunog, mga residente ng mga residensyal sa mga lugar ng konstruksyon.
- o. Unti-untiin ang kalakalan kung kinakailangan para mabawasan ang densidad para sa madaling pagpapanatili ng distansyang anim na talampakan.
- p. Pigilan ang mga trabahador na gamitin ang mesa at iba pang kagamitan ng katrabaho. Kung ito ay ginagamit ng mahigit sa isang trabahador, ang mga gamit na ito ay kailangang linisin at i-disinfect gamit ang disinfectant na mabisa laban sa COVID-19 sa pagitan ng paggamit ng bawat bagong trabahador. Ipagbawal ang paghiram ng PPE.

KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN No. C19-07F

Apendiks B-1

- q. Kung walang hugasan ng kamay sa lugar ng trabaho, maglagay ng portable na estasyon ng hugasan o mga sanitizer ng kamay na mabisa laban sa COVID-19 sa pasukan sa trabaho at sa iba pang lokasyon ng trabaho na kinakailangan.
- r. Linisin at i-sanitize araw araw ang mga hugasan ng kamay, mga portable na estasyon ng hugasan, lugar ng trabaho na palikuran o iba pang mga saradong espasyo gamit ang disinfectant na mabisa laban sa COVID-19. Palaging linisin at i-disinfect ang lahat ng lugar na parating hinahawakan, kasama ang mga lugar ng pasukan at labasan, mga lugar na palaging may tao, mga palikuran, lugar ng hugasan ng kamay, at mga ibabaw na parating hinahawakan, mga tool, at iba pang mga kagamitan.
- s. Magpanatili ng arawang talaan ng lahat ng trabahador at bisita na naglalaman ng impormasyon ng kontak, kabilang ang pangalan, telepono, tirahan at email.
- t. Ipaskil ang abiso sa lugar na nakikita ng lahat ng mga trabahador at bisita na naguutos na gawin ang mga sumusunod:
 - i. Huwag hawakan ang mukha ng hindi hugas na kamay o gwantes.
 - ii. Palaging hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig sa loob ng hindi baba ng 20 segundo o gumamit ng sanitizer ng kamay na mayroong 60% na alkohol.
 - iii. Linisin at i-disinfect ng madalas ang mga palaging hinahawakang mga bagay at mga ibabaw tulad ng mga work station, mga keyboard, mga elepono, mga hawakan, mga makina, at mga tools na ginagamit din ng iba, mga pindutan ng elevator at mga hawakan ng pinto o doorknob.
 - iv. Takpan ang inyong bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing, o umubo o bumahing gamit ang inyong loob ng braso at siko/manggas.
 - v. Huwag pumasok sa trabaho kung may lagnat, ubo, o iba pang sintomas ng COVID-19. Kung kayo ay may pakiramdam na may sakit o lumapit sa isang may sakit, manatili sa bahay.
 - vi. Palaging obserbahan ang ang inyong distansya sa ibang katrabaho. Sa lahat ng panahon, panatilihin ang inirerekomenda na anim na talampakan kung hindi nakasuot ng kinakailangang PPE para sa pagtrabaho ng malapit sa ibang tao.
 - vii. Huwag magcarpool papunta at pauwi sa lugar ng trabaho sa kahit kanino maliban kung sila ay kasambahayan, o kung ang mga trabahador ay walang ibang paraan para maglakbay.
 - viii. Huwag makibahagi ng telepono o PPE.
- u. Ang abiso sa Section 2.1 ay dapat isalin sa ibang wika kung kinakailangan para masigurado na lahat ng di nagsasalita ng ingles na trabahador ay maintindihan ang abiso.

KAUTUSAN ng OPISYAL ng KALUSUGAN No. C19-07f
Apendiks B-2

Malaki na Proyekto ng Konstruksyon na Protokol ng Kaligtasan (Binago ng Hulyo 13, 2020)

1. Anumang proyekto ng konstruksyon na nakakamit ang mga sumusunod na espesipikasyon ay mapapailalim sa Large Construction Safety Protocol (LCP Protocol), kasama ang mga proyekto ng public works maliban kung hindi itukoy ng Health Officer:
 - a. Para sa mga proyekto na konstruksyon sa residensya, ang nag-iisang pamilya o single-family, maraming pamilya o multi-family, sinyor, estudyante or iba pang konstruksyong residensyal, renobasyon, o proyekto ng pagremodel na binubuo ng hanggang 10 mga unit.
 - b. Para sa mga proyektong komersyal, anumang konstruksyon, renobasyon or mga proyekto ng pagpapabuti para sa mga nangungupahan na aabot hanggang 20,000 talampakang parisukat ang lugar ng sahig.
 - c. Para sa konstruksyon ng Essential Infrastructure, na tinutukoy sa Section 8.1 ng Order ng kahit anong proyekto na nangangailangan ng dalawampu o mahigit pa na mga trabahador sa lugar ng trabaho sa anumang oras.
2. Ang mga sumusunod na restriksyon at mga kinakailangan ay dapat mailagay sa lahat ng mga sityo ng konstruksyon sa ilalim ng LCP Protocol:
 - a. Pagsunod sa lahat ng angkop na kasalukuyang batas at mga regulasyon kasama pero hindi limitado sa OSHA at Cal-OSHA. Kung may pagkakasalungatan, pagbabago, pagkakaiba sa bawat mga angkop na batas at regulasyon at/o sa SCP Protokol na ito, mas estriktong pamantayan ang ipapasagawa.
 - b. Magprepara ng bago o binagong Site-Specific Health and Safety Plan para matutukan ang mga asuntong may kinalaman sa COVID-19, ipaskil ang plano sa lahat ng pasukan at labasan, at maglabas ng kopya ng Plano sa mga autoridad ng gobyerno ng County kung may humingi. Ang Plano ay dapat isalin kung kinakailangan para makasegurong lahat ng di nagsasalita ng ingles na trabahador ay maintindihan ang Plano.
 - c. Pagbigay ng personal protective equipment (PPE) na tunay na pangkonstruksyon, kasama ang guwantes, goggles, pang sangga sa mukha at mga pantakip sa mukha para sa mga angkop na gawain. Sa anumang oras ay maaaring ligtas o pwedeng gamitin ng isang kontratista ang medikal na grado ng PPE maliban kung kinakailangan dahil sa likas na katangian ng medikal sa isang lugar ng trabaho. Ang pantakip sa mukha ay kailangan suot alinsunod sa Health Officer Order No. C19-12b, na inilabas noong Abril 17, 2020 at binago nuong Mayo 28, 2020, o anumang sumunod o binagong utos.
 - d. Seguraduhin na ang mga empleyado ay naturuan sa paggamit ng PPE. Panatiliin at maglaan ng talaan ng lahat ng training sa PPE na binigay sa mga empleyado at i-monitor ang mga empleyado ng makasiguro sa tamang pagsuot ng PPE.

KAUTUSAN ng OPISYAL ng KALUSUGAN No. C19-07f

Apendiks B-2

- e. Ipagbawal ang paghiraman ng PPE.
- f. Ipatupad ang mga kinakailangan para sa social distancing kasama, at hindi bababa sa:
 - i. Pagsalit-salit ng pagsimula-paghinto ng iskedyul para mabawasan ang dami ng mga trabahador sa lugar ng trabaho o jobsite sa anumang oras, kung kakayanin
 - ii. Pagsalit-salit ng kalakalan nang mabawasan ang dami ng mga trabahador sa lugar ng trabaho o jobsite sa anumang oras.
 - iii. Ipagawa ang social distancing sa pagpapanatili ng di kukulang na anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga trabahador sa lahat ng panahon, pwera na lamang kung magasasagawa ng gawain na may kinalaman sa proyekto.
 - iv. Ipagbawal ang anumang laki ng pagtitipon, pwera na lang para sa mga miting tungkol sa kaligtasan o kung magsasagawa ng gawain na may kinalaman sa proyekto.
 - v. Mahigpit na pagkontrola ng “choke points” at mga “high-risk (mataas ang panganib) na lugar” kung saan ang mga trabahador ay hindi kayang mapanatili ang 6 na talampakan na social distancing at ipagbawal o limitahin ang paggamit para makasiguro na ang 6 na talampakan na distansya ay mapanatili sa pagitan ng bawat ng mga trabahador.
 - vi. Bawasan ang pakikipaghalubilo at panatiliin ang social distancing sa mga bisita sa lugar, kasama na ang mga trabahador na nagdedeliver, propesyonal na disenyo at iba pang mga consultant ng proyekto, mga represantatibo ng ahensiya ng gobyerno, kasama na ang mga inspektor ng gusali at sunog, mga residente ng mga residensyal sa mga lugar ng konstruksyon.
 - vii. Ipagbawal ang mga trabahador sa paggamit ng telepono o mesa ng iba. Anumang tools ng trabaho or mga equipemt na dapat gamitin ng mahigit sa isang trabahador ay kailangang linisin gamit ang disinfectant na mabisa laban sa COVID-19 bago ipagamit sa bagong trabahador.
 - viii. Maglagay ng estasyon ng hugasan or hand sanitizers na mabisa laban sa COVID-19 sa mga pasukan ng trabahuhan at sa ila pang ibat ibang lokasyon kung kinakailangan.
 - ix. Magpanatili ng arawang talaan ng lahat ng trabahador at bisita na naglalalaman ng impormasyon ng kontak, kabilang ang pangalan, telepono, tirahan at email
 - x. Ipaskil ang abiso sa lugar na nakikita ng lahat ng mga trabahador at bisita na naguutos na gawin ang mga sumusunod:
 - 1. Huwag hawakan ang mukha ng di hinugasang kamay o gwantes.
 - 2. Palaging hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig sa loob ng di kukulang sa 20 segundo or gumamit ng hand sanitizer na may 60% alcohol.
 - 3. Linisin at i-disinfect ng madalas ang mga palaging hinahawakang mga bagay at mga ibabaw tulad ng mga work station, mga keyboard, mga telepono, mga hawakan, mga makina, mga tools para sa lahat, mga pindutan ng elevator at mga doorknob.

KAUTUSAN ng OPISYAL ng KALUSUGAN No. C19-07f

Apendiks B-2

4. Takpan ang inyong bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing, o umubo o bumahing sa inyong braso at siko/manggas.
 5. Huwag pumasok sa lugar ng trabaho o jobsite kung may lagnat, ubo, o iba pang sintomas ng COVID-19. Kung kayo ay may sakit o ay lumapit sa isang may sakit, manatili sa bahay.
 6. Palaging obserbahan ang ang inyong distansya sa ibang katrabaho. Maglagay ng rekomendadong distansya na anim na talampakan sa lahat ng panahon kung di nakasuot ng kinakailangang PPE para sa pagtrabaho na malapit sa ibang tao.
 7. Huwag magpagamit ng telepono o PPE.
- xi. Ang abiso sa Section 2.1 ay dapat isalin kung kinakailangan para maksiguro na ang lahat ng di nagsasalita ng ingles na trabahador ay maintindihan ang abiso.
- g. Pagimplementa ng mga hakbang ng paglinis at sanitasyon ayon sa mga sumusunod:
- i. Palaging linisin at isantize, ayon sa patnubay ng CDC, lahat ng palaging may tao at palaging hinahawakan na mga lugar kasama pa, ang mga lugar ng miting, mga kainan, at mga breakroom, mga pasukan at labasan ng lugar ng trabaho o jobsite, mga trailer ng jobsite, mga estasyon ng hugasan ng kamay, mga tools, equipment, mga banyo, mga hagdanan, mga elevator at mga lift.
 - ii. Magpatupad ng cleaning at decontamination protokol bago pumasok at lumabas ng lugar ng trabaho o jobsite at ipaskil sa mga pasukan at mga labasan ng lugar ng trabaho o jobsite.
 - iii. Bigyan lahat ng tauhan na naglilinis at nagsasanitize na tamang PPE para maiwasan ang paghawa ng COVID-19. Hindi dapat maghiraman ng PPE.
 - iv. Ipatupad ang sapat na panahon sa pagtrabaho ng makapaglinis at makapagdecontaminate bago pa magsimula at umalis sa lugar ng trabaho o jobsite sa katapusan ng araw.
- h. Magimplementa ng plano sa pagbawas ng paghawa ng COVID-19 sa komunidad bilang parte ng Site-Specific Health and Safety Plan na kasama ang mga sumusunod na mga restriksyon at mga pangangailangan:
- i. Huwag magcarpool papunta at pauwi sa lugar ng trabaho sa kahit kanino pwera na lang lung sila ay mga kasama mo sa bahay, o kung ang mga trabahador ay walang ibang paraan ng transportasyon.
 - i. Inaatasan ng Cal-OSHA ang mga employer na magbigay ng tubig, na nakalagay sa mga pang isahang lalagyan. Ang pagsalo salo ng anumang pagkain o inumin ay mahigpit na pinagbabawal at kung paghahati ay naganap, ang trabahador ay kailangang pauwiin.
 - ii. Ipagbawal ang paggamit ng mga microwave, mga water cooler at iba pang bagay na ginagamit ng lahat.
- i. Magtalaga ng COVID-19 Safety Compliance Officer (SCO) sa jobsite at siguraduhing ang pangalan ng SCO ay nakapaskil sa Site-Specific Health at Safety Plan. Ang SCO ay dapat:
- i. Siguraduhin ang implementasyon ng lahat ng rekomendadong pangangailangan ng kaligtasan at sanitasyon ukol sa COVID-19 virus sa lugar

KAUTUSAN ng OPISYAL ng KALUSUGAN No. C19-07f

Apendiks B-2

- ng trabaho o jobsite.
- ii. Magbuo ng arawang nakasulat na beripikasyon na ang bawat lugar ng trabaho o jobsite ay sumusunod sa mga bahagi ng LCP Protocol. Bawat nakasulat na form ng beripikasyon ay dapat kinopya, itago at dapat handa kung kailangan ng sinumang opisyal ng County.
 - iii. Magtatag ng arawang protokol ng pagscreening sa mga nagdadatingang mga empleyado para makasiguro na ang mga posibleng impektado ay di makapasok sa lugar ng konstruksyon. Kung ang mga trabahador ay aalis sa lugar ng trabaho at babalik sa mismong araw, magtatag ng protokol ng paglilinis at pag-decontaminate bago pumasok at lumabas ng lugar ng trabaho o jobsite. Ipaskil lahat ng protocol ng arawang screening sa pasukan at labasan ng jobsite. Mga karagdagang impormasyon ng screening ay mahahanap sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/index.html>.
 - iv. Magsagawa ng arawang briping ng harapan o teleconference na dapat sakupin ang mga sumusunod na paksa:
 1. Mga bagong alituntunin ng jobsite at mga restriksyon ng pangunahing pagbiyahe sa lugar ng trabaho o jobsite para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa komunidad.
 2. Repasuhin ang mga hakbang ng sanitation at hygiene.
 3. Paghingi ng opinion ng trabahador hingil sa pagpapabuti ng kaligtasan at sanitasyon.
 4. Ugnayan sa mga kailangan sa arawang pangangailangan sa paglilinis at sanitasyon ng construction site.
 5. Pagpasa ng pinakabagong impormasyon hinggil sa COVID-19.
 6. Mga protokol ng emerhensiya kung sakaling may nahawa or hinihinalang nahawa sa COVID-19.
 - v. Idebelop at siguraduhin ang implementasyon ng plano ng remediation para maisaayos ang anumang hindi pagsunod sa LCP Protocol na ito at ipaskil ang plano ng remediation sa pasukan at labasan ng lugar ng trabaho habang nasa panahon ng remediation. Ang plano ng remediation ay kailangang isalin para sa mga hindi nagsasalita ng ingles ng maintindihan ng mga trabahador ang dokumento.
 - vi. Hindi dapat papayagan ng SCO ang anumang aktibidad ng konstruksyon na magpatuloy hanggat hindi ito sumusunod sa mga kinakailangan.
 - vii. Ireport ang mga naulit na hindi pagsunod sa LCIP Protocol na ito sa mga angkop na supervisor ng lugar ng trabaho o jobsite at ng naatasang opisyal ng County.
- j. Magtalaga ng COVID-19 Third-Party Jobsite Safety Accountability Supervisor (JSAS) para sa lugar ng trabaho o jobsite, na may minimum na OSHA-30 certificate at first-aid training sa loob ng nakaraang dalawang taon, dapat siyang natrain dito sa protokol na ito at alamin ang pagsunod, kasama ang inspeksyong biswal at mga biglaang interbyu sa mga trabahadaor hingil sa LCP Protocol.
- i. Sa pitong araw ng lingo sa pagbisita sa bawat lugar ng trabaho o jobsite, ang JSAS ay dapat kompletuhin ang isinulat na assessment na nagtutukoy ng hindi pagsunod sa LCIP Protocol. Ang isinulat na assessment ay dapat kopyahin, itago at dapat

KAUTUSAN ng OPISYAL ng KALUSUGAN No. C19-07f

Apendiks B-2

- ihanda kung hilingin ng County, ipadala sa naatasang opisyal ng County.
- ii. Kung madiskubre ng JSAS na ang lugar ng trabaho o jobsite ay hindi sumusunod sa LCP Protocol, ang JSAS ay dapat makipagugnayan sa SCO para magdebelop at magimplementa ng plano ng remediation.
 - iii. Ang JSAS ay dapat makipagugnayan sa SCO para mapahinto ang patuloy na trabaho na hindi sumusunod sa mga alituntunin na nabanggit hanggang hindi naayos at para sumunod para maituloy ang trabaho.
 - iv. Ang plano ng remediation ay kailangang ipadala sa naatasang opisyal ng County sa loob ng limang araw ng pagkakadiskubre ng JSAS sa di pagsunod.
- k. Sa pagkakataon na may komfirmadong kaso ng COVID-19 sa lugar ng trabaho, dapat mangyari ang mga sumusunod:
- i. Agad na alisin ang impektadong indibidwal sa lugar ng trabaho na may utos na magpagamot.
 - ii. I-decontaminate at i-sanitize lahat ng ibabaw at bawat lokasyon na pinuntahan ng trabahador na impektado. Bigyan ang mga nagsasagawa ng decontamination at sanitation ng mga PPE na medical grade, seguraduhin ang mga trabahador ay naitrain sa wastong paggamit ng PPE, itagubilin na ang mga trabahador ay gamitin ang binigay na PPE, at ipagbawal ang hiraan ng PPE. Ipagbawal ang kahit sino man na pumasok sa kontaminadong lugar, maliban na lang sa mga nagsasagawa ng decontamination at sanitation.
 - iii. Agad abisuhan ang County Public Health Department Communicable Disease Control (CD Control) sa 415-554-2830 at ibigay ang impormasyon sa ibaba. Sundin lahat ng mga autos at kompletohin lahat ng mga karagdang tagubilin ng mga opisyal ng kalusugan ng County, kasama na ang buong pagsunod sa mga pagsagawa ng tracing ng County.
- Impormasyon na irereport sa CD Control tungkol sa lugar ng trabaho:
 - 1) Saan ang lugar ng trabaho;
 - 2) Pangalan ng proyekto, kung mayroon;
 - 3) Pangalan ng General Contractor at;
 - 4) Sino ang kontak sa General Contractor, tungkulin, telepono at email.
 - Impormasyon na irereport sa CD Control tungkol sa mga kaso ng COVID-19:
 - 5) Pangalan at apelyido
 - 6) Petsa ng kapanganakan;
 - 7) Telepono;
 - 8) Petsa kung kailan nag-test ng positibo;
 - 9) Petsa ng huling araw ng pagtrabaho
 - 10) Saan lungsod nakatira; at
 - 11) Kung ang emplyado ay subcontractor, ibigay ang mga sumusunod na impormasyon:

KAUTUSAN ng OPISYAL ng KALUSUGAN No. C19-07f

Apendiks B-2

- Subcontractor;
 - Pangalan ng kontak ng Subcontractor;
 - Telepono ng Subcontractor; at
 - Email ng Subcontractor
- Impormasyon ay irereport sa CD Control tungkol sa mga Close Contacts (mga nalapitan). Para sa bawat kaso na na-report sa itaas, ibigay ang mga sumusunod na impormasyon (kung kayo ay magrereport ng mahigit sa isang positibong kaso, isama ang pangalan nga positibong kaso para sa bawat close contact):
 - 1) Pangalan at apelyido ng close contact;
 - 2) Telepono;
 - 3) Saan City nakatira; at
 - 4) Pangalan ng positibong kaso.

A “Close Contact” (nilapitan) sa lugar ng trabaho ay sino mang:

- Nanatili sa loob ng 6 talampakan sa isang Taong may COVID-19 sa loob ng 10 minuto o mahigit habang hindi nakasuoot ng panakip mukha; O
- May nilapitan na taong may likido sa katawan o body fluids at o mga secretions ng Taong may COVID-19 (hal. na-ubuhan, hinatsingan, nakigamit ng kubyertos, o inalagaan o nag-alaga ng walang panakip mukha, gown at gwantes).

Mga malapit na mga kontak ay mataas ang panganib sa paglantad at kailangang mag-quarantine ng 14 na araw dahil sa 14 na araw na incubation ng virus. Kahit na ang nilapitan ay mag-test ng negatibo sa loob ng 14 na araw ng huli nilang paglapit sa may kaso, kailangan nilang magpatuloy sa pagka-quarantine ng buong 14 na araw para mapigilan ang pagpasa ng virus.

Kung hindi niyo makuha ang kaso sa itaas o ang impormasyon ng inyong close contact mula sa inyong subcontractor, siguraduhing alam ng inyong subcontractor na kailangan nilang magreport sa SFDPH CD Control.

- l. Kung ang trabaho ng konstruksyon ay nasa loob ng isang okupadong residensyal unit, mga nakahiwalay na lugar ng trabaho ay dapat nakabukod sa natitirang bahagi ng unit na may mga harang tulad ng plastik na sapin o saradong mga pintuan na tinakpan ng tape sa hanggat magagawa. Kung posible, ang mga trabahador ay dapat makadaan sa trabahuhan gamit ang isang alternatibong pasukan/labasan na pintuan na gamit ng mga residente. Ang mga bintana at exhaust fans ay dapat gamitin para mahanginan ang trabahuhan. Kung ang mga residente ay makakadaan sa lugar ng trabahuhan sa mga araw ng trabaho, ang trabahuhan ay dapat linisin at i-sanitize sa simula at pagkatapos ng araw ng trabaho. Kailangang gawin lahat para mabawasan ang kontak sa pagitan ng mga trabahador at mga residente, kasama na ang pagpanatili ng anim na talampakan ng social distancing sa lahat ng oras.
- m. Kung ang trabaho ng konstruksyon ay nasa mga panlahatang lugar ng mga okupadong gusaling residensyal o komersyal o mixed-use na ginagamit ng mga empleyado o residente, ang mga

KAUTUSAN ng OPISYAL ng KALUSUGAN No. C19-07f
Apendiks B-2

nakahiwalay na lugar ng trabaho ay dapat nakabukod sa natitirang bahagi ng unit na may mga harang tulad ng plastik na sapin o saradong mga pintuan na tinakpan ng tape sa hanggat magagawa. Kung posible, ang mga trabahador ay dapat makadaan sa trabahuan gamit ang isang alternatibong pasukan/labasan na pintuan na gamit ng mga residente at iba pang gumagamit ng gusali. Kailangang gawin lahat para mabawasan ang kontak sa pagitan ng mga trabahador at mga residente ng gusali at mga gumagamit, kasama na ang pagpanatili ng anim na talampakan ng social distancing sa lahat ng oras.